Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy
Volume 11, No. 1, June 2026, 54 – 75

# Ang Pag-iral ng Tao sa Espasyo

Noel S. Pariñas
University of the Philippines Los Baños
nsparinas1@up.edu.ph

## Abstract

As the title indicates, the essay is an effort to theorize human existence in space. Such an attempt argues that the human person exists in both horizontal and vertical spaces. Human existence in horizontal space is existence with fellow humans. Human existence in vertical space is existence with the Holy. A necessary consequence of human existence in horizontal and vertical spaces is the creation of a new space where the horizontal and vertical spaces meet. In the balanced existence of the human person in horizontal and vertical spaces, [s]he also creatively exists in a new space where 'human[e] act' and 'holy-human act' meet. The totality of the combined human act and holy human act is the recommended redefinition of the true and complete meaning of humanization, which is the new dimension of life. I admit that all this paper can share is just a descriptive discourse [not definitive] that opens a tunnel to a topic for further research, analysis, and discussion. However, it certainly has a contribution [albeit small] to the systematized body of wisdom – philosophy.

**Keywords:** Holy, space, fellow, human existence, in-betweenness

## Abstrak

Gaya ng isinasaad sa titulo, itong sanaysay ay pagsusumikap na pagdalumat sa pag-iral ng tao sa espasyo. May sikhay na inilalapat ng nasabing pagtatangka ang argumento na umiiral ang tao sa pahalang at patayong espasyo. Ang pag-iral ng tao sa pahalang na espasyo ay pag-iral kasama ang kapuwa-tao. Ang pag-iral naman ng tao sa patayong espasyo ay pag-iral kasama ang Banal. Kaakibat ng pag-iral

© 2026 PARIÑAS
ISSN: 2546-1885

ng tao sa pahalang at patayong espasyo ay ang paglikha ng panibagong espasyo kung saan nagsasalubong ang pahalang at patayong espasyo. Sa larang o balanseng pag-iral ng tao sa pahalang at patayong espasyo, malikhaing umiiral din siya sa panibagong espasyong pinagsalubungan ng 'makataong-kilos' at 'banal-na-kilos-tao'. Ang dagap o kabuuan ng pinagsamang makataong-kilos at banal-na-kilos-tao ay ang inihahaing kahulugan ng tunay at ganap na pagpapakatao na maaaring ilarawan na banyuhay [bagong anyo ng buhay]. Aminado akong ang kaya lang ibahagi ng papel na ito ay deskriptibong diskurso [hindi depinitibo] na nagbubukas ng lagusan tungo sa paksang maaaring saliksikin, suriin, at pag-usapan. Gayunpaman, tiyak na may ambag ito [miski konti] sa hanayan ng karunungan – pilosopiya.

**Mga Susing salita:** Banal, espasyo, kapuwa, pag-iral ng tao, puwang

## Paunang Pagsasaalang-alang[1]

> "Ang espasyong ito ay maaari kong hirayain na walang laman ngunit hindi ako makapag larawan sa diwa ng bagay na walang espasyo (2.013)... Ang mga *spatial* na bagay ay matatagpuan lamang sa walang katapusang espasyo... (2.0131)"[2]

Ang tao ay umiiral sa espasyo at walang dalawang taong umiiral sa parehong espasyo. Dahil ang tao ay butang o materya *(annamayakosa)*, may bukod-tanging espasyo siyang ginagalawan. Ang limitasyon *(umschlossen)*[3] ng kanyang galaw ay sumusunod sa porma o hugis ng espasyo. Sa pahalang na espasyo, kasama niya ang kapuwa. Ang pagitan ng sarili at ng kapuwa ay hindi lamang heograpikal o

---

[1]*Ang Pag-iral ng Tao sa Espasyo* ay karugtong ng diskursong sinimulan sa artikulong *Ang Espasyo sa Pag-iral ng Tao* na inilathala sa Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy, Special Issue, February 2024, pp. 163-179. Ito rin ay binasang papel sa publiko sa *Bintana International Conference* na naganap sa Far Eastern University, Manila, Philippines, noong ika-22 hanggang 24 ng Abril 2025.

[2]Saling sipi mula sa: Ludwig Wittgenstein, *Tractatus Logico-Philosophicus* in D.F. Pears (trans.), (New York: Routledge, 1974), p. 7.

[3]Martin Heidegger, *Being and Time* in J. Stambaugh (trans.), (New York: State University of New York Press, 2010), p. 99.

pisikal na lunan, kundi etikal na agwat na nag-uumapaw sa posibilidad *(seinsmoglichkeiten)*[4] na malikhaing pinapanday ng tensiyon ng dalawang sangkot sa ugnayan. Maliban sa pahalang na espasyo kung saan urong-sulong ang galaw ng sarili at ng kapuwa, mayroong patayong espasyo sa gitna ng tao at ng Banal. Masasabing ang patlang sa pagitan ng sarili at ng Banal ay walang pasubaling humihikayat sa taong umiral sa kabutihan. Kung sa pahalang na espasyo ang tao ay nakikipagkapuwa-tao at nagpapakatao sa diyalektikong pamamaraan, sa patayong espasyo, siya ay nagpapakabuti sa pamamagitan ng makabanal na kilos na patuloy nililinang ayon sa mga pagkakataong lantad sa pahalang na espasyo.

Sa artikulong *Ang Espasyo sa Pag-iral ng Tao,* masikap na tinalakay ang konsepto ng espasyo bilang pagbabaklas *(deconstruction)* sa tradisyunal at tanyag na pagpapakahulugan nito na madalas na nakakabit sa panahon.[5] Bagama't singhalaga ng espasyo ang panahon, naipakita ng akda na maaaring pag-usapan ang espasyo na nakahiwalay sa panahon. Bilang karugtong ng diskurso at batay sa mungkahi ng akda, sa sanaysay na ito, tatangkaing palawigin ang dalawang uri ng espasyo [pahalang at patayo] at sisikaping maglatag ng pagninilay nang walang pagpipinid sa mga sumusunod na paksa: 1] Ang Malikhaing Espasyong Bunga ng Kilos-Tao, at 2] Ang Transcedentong Espasyo Tungo sa [Ka]Banal[an]. Sa nasabing daloy, makikita na umiiral ang tao sa pahalang at patayong espasyo, at sa espasyo kung saan nagsasalubong ang dalawang espasyong nabanggit.[6]

---

[4]*Ibid.* p. 101.

[5]"Ayon sa *theory of relativity* ni Einstein, kailangan ng kahit dalawa man lang na *particles* para magkaroon ng espasyo. Ang pagkilos ng dalawang *particles* naman ang bumubuo sa konsepto ng panahon". Chuckberry Pascual, *Pagmamapa ng Sinehan Bilang Espasyong Homoseksuwal sa Panitikang Bakla,* na inilathala sa Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, Volume 15, Nos. 1-2, 2009, pp. 139-140. Bilang karagdagan, "ang isang *particle* ay hindi maaaring magkaroon ng dalawang bilis sa parehong oras; ibig sabihin, hindi ito maaaring mapunta sa magkaibang lugar sa parehong oras; ibig sabihin, ang mga *particle* na nasa iba't ibang lugar sa parehong oras ay hindi maaaring magkapareho (6.3751)". Saling sipi mula sa: Ludwig Wittgenstein, *Tractatus Logico-Philosophicus*, p. 85.

[6]Bilang pagmumuni-muni, nais kong galugarin ang konsepto ng pahalang at patayong espasyo hindi lamang sa pamamagitan ng paglibot sa paligid *(moving around),* kundi pagpasok na rin *(entering in it).* Ang pagmumuni-muni ay isang paglalakbay ng pagpapahinga na naglalantad ng walang katapusang espasyo sa loob.

## Ang Malikhaing Espasyong Bunga ng Kilos-Tao

Gumagalaw ang tao ng hindi alam kung gaano kalaki ang espasyo sa kanyang paligid - doon sa sansinukob at sa loob ng kanyang katawan. Nakatuon siya sa mga bagay-bagay at kaisipan, ngunit bihira sa malawak at walang hangganang espasyo[7] na naglalaman ng lahat ng ito. Nakaligtaan din niya na siya ay binubuo karamihan ng mga bakanteng espasyo dahil sa pananaw ng agham, ang tao ay halos walang laman.[8] Maliban dito, ang tao ay hindi lang ang kung ano ang iniisip niya; siya rin ang espasyo kung saan nangyayari ang pag-iisip. Ang kanyang kaisipan ay hindi gawa sa mga pag-iisip; ito ay gawa sa walang katapusang espasyo.

Sabi ng mga eksperto, sa *atomic* na antas, 99.9999999% raw ng katawan ay espasyo. Ibig sabihin, kung ang isang *atom*[9] ay kasing laki ng isang istadiyo, ang nukleyo ay isang butil ng bigas lamang sa gitna, at ang mga *electron* ay humuhuni sa paligid sa pinakalabas. Ang matitira ay espasyo lang. Dagdag pa rito, kung aalisin daw ang lahat ng bakanteng espasyo sa katawan ng tao, siya ay liliit na mas maliit pa sa butil (sobrang liit upang makita). Kung gagawin natin ito sa lahat ng tao, maaaring magkasya ang buong sangkatauhan sa loob ng isang kubo ng asukal. Malinaw na dahil marami pang pwedeng pag-usapan tungkol sa espasyo *(raum)*,[10] nararapat lang na bigyan ng espasyo ang espasyo.[11]

[7]Sa antas ng *quantum*, ang espasyo ay kumikislap na may mga birtwal na *particle* at pagbabago-bago ng enerhiya.

[8]Kahit na ang mga kalawakan, kasama ang lahat ng bilyun-bilyong bituin, ay halos walang laman. Kung maglalakbay ka sa kalawakan, gugugulin mo ang halos lahat ng iyong paglalakbay na palipat-lipat sa ganap na wala. Ang espasyo ay hindi lamang wala. Ito ay buhay na may posibilidad.

[9]Ang mga *atom* ay karaniwang walang laman na espasyo. Ang butang ay kalimitang binubuo ng wala.

[10]Martin Heidegger, *Being and Time*, pp. 99-110.

[11]Sa pang-araw-araw na buhay, pinapayagan ng espasyo ang lahat na mangyari: 1] Hinahayaan ka ng espasyo sa isang silid na lumipat; 2] Ang espasyo sa pagitan ng mga musikal na tala ay lumilikha ng himig; 3] Ang puwang sa pagitan ng mga kaisipan, kapag tayo ay nagninilay-nilay, ay nagbubukas ng pinto sa kapayapaan. Gayunpaman, hindi natin pinapansin ang espasyo mismo. Nakatuon lamang tayo sa kung ano ang pumupuno dito.

Ang galaw ng tao sa espasyo ay umaayon sa batas ng mosyon ni Isaac Newton. Ayon sa ikatlong batas ng mosyon ng Ingles na dalubaral, "kung ang dalawang bagay ay may pagniniig sa isa't isa, may nilalabas o binibigay silang puwersa upang makaapekto rin sa galaw ng bawat isa; ang puwersa ay magkatumbas sa lakas ngunit magkasalungat at kolinyar [na direksyon]." [12] Ibig sabihin, likas lamang ang palasigmuan na sa bawat galaw ay may puwersang pantay ngunit kasalungat na galaw. Sa madaling salita, ang puwersa ay humahantong sa pakikipag-ugnayan. Nagaganap lamang ito sa dinamikong espasyo. Sa konteksto ng ugnayan ng tao-tao, ang kilos-tao ay nakakaapekto sa kapuwa-tao. Kaya nga kapag tinulak mo ang kapuwa, hindi siya gagalaw ng papunta sa iyo, kundi papalayo sa iyo.

Ang kilos-tao ay itinuturing na materyal na obheto ng etika. Ang kilos-tao ay kilos na sadyang malaya. Ito ay pinag-isipan at ginusto. Nangangailangan ito ng katwiran at desisyon ng kilos-loob. Ang kilos-tao ay kilos na may malay o kusang-loob at sinadya.

Ang kilos-tao ay naiiba sa kilos ng tao. Ang kilos ng tao ay kilos na ginagawa ng walang sapat na pagsusuri o walang ganap na pagsang-ayon ng kalooban. Ang kilos ng tao ay maaaring alinman sa walang malay na kilos, hindi sinasadyang kilos, bahagyang sinasadya na kilos, o kusang kilos. Bagama't ang kilos ng tao ay walang aspeto ng pagiging mabuti o masama [tama o mali] dahil ito ay natural o likas na kilos o proseso na nagaganap sa katawan ng tao, ang kilos-tao ay maaaring mauri bilang imoral o moral na gawa [na kadalasan ay may kaakibat na pananagutan].[13] Hindi obhetibo ng etika ang kilos ng tao.[14]

Ang kilos-tao ay ginagawa sa pahalang na espasyo. Ang pahalang na espasyo ay hiram na espasyo na dapat galawan ng may pagpapahalaga. Ito ay hiram na espasyo dahil ang tao ay panandalian lang na iiral dito. Bilang huling hantungan, ang kanyang katawang-lupa ay tutungo sa tamang-tamang kwadradong espasyo.[15] Walang

---

[12]Saling sipi mula sa: Benjamin Motte, *Sir Isaac Newton "Introduction to Book 3" The Mathematical Principles of Natural Philosophy*, Volume II. 1729), p. 200.

[13]Saling sipi mula sa: Noel Pariñas, *Ethics: The Philosophy of Human Acts.* (Meycauayan: IPM Publishing, 2018), pp. 12-13.

[14]Ang isang salin ng *human act,* maliban sa 'kilos-tao', ay 'makataong kilos.' Mas angkop na salin ang 'kilos-tao' dahil hindi naman lahat ng *human act* ay makatao *[humane]* gaya ng pagnanakaw, pagpatay, at panggagahasa.

[15]Bigla akong napaisip; oo nga pala, nilagdaan ng aking ama ang sertipiko ng aking kapanganakan; nilagdaan ko ang sertipiko ng kanyang kamatayan. Siya ang

nakaaalam kung may espasyong nag-aantay pagkatapos ng buhay at kung anong ontolohikal na espasyo ang mayroon sa kamatayan.[16] Walang nakatitiyak kung ang espasyo sa pagitan ng namatay at ng namatayan,[17] ay patayo, pahalang, o nakahilig. Ang malinaw sa tao ay ang konkretong sinaps sa pagitan ng sarili at ng kapuwa ay pahalang.

Nagiging etikal ang bakanteng espasyo sa pagitan ng sarili at ng kapuwa dahil dito pinagtatagpi-tagpi ang mabubuting naratibo at ang espasyong ito ay patuloy na pinagsasaluhan sa pamamagitan ng palitan ng kuwento at pagbabahagi ng kuro-kuro na kinapupulutan ng moral na aral.[18] Dahil ang pahalang na espasyo ay nagsisilbing tagpuan ng sarili at ng kapuwa, dito sinusuri ang kilos-tao kung ito ba ay makatao o di-makatao. Ang ugnayan ng tao sa kanyang kapuwa ay ang puso ng kanyang etikal na pag-iral. Ang mabubuting kilos-tao ay para sa kanyang kapuwa. Hinayaan niya ang kanyang kapuwang umiral bilang paggalang sa kaibahan nito. Ginagamit ng sarili ang kanyang kalayaan nang may pananagutan sa isang di-alipughang paraan dahil pinahahalagahan din niya ang kalayaan ng kanyang kapuwa. Sa katunayan, hindi maaaring maging etikal ang sarili kung wala ang kapuwa. Alam ng sarili na siya ay mabuti o hindi palamara at ginagawa niya ang tama dahil ipinaaalam ito sa kanya ng kanyang kapuwa bilang puna. Kampante ang sarili na etikal at makatao ang kanyang kilos dahil sinasabi sa kanya ng kanyang kapuwa. Ang mga kilos ng sarili ay nakasalalay sa kanyang relasyon sa kanyang kapuwa. Inaalagaan niya ang kanyang sarili hindi lamang para sa sarili niyang kapakanan. Ang pagmamalasakit *(fursorge)*[19] niya sa kanyang sarili ay pagpapahiwatig ng pag-aalala sa kanyang kapuwa dahil hindi niya gugustuhing balutin ng kalungkutan ang kanyang kapuwa kung may nangyaring hindi kanais-nais sa kanya, dahil ang kanyang sarili, sa anumang kalagayan,

---

pumili ng una kong kasuotan; ako ang pumili ng huli niyang kasuotan. Inabangan niya ang aking unang paghinga; nasaksihan ko ng siya'y malagutan ng hininga.

[16]Ang takot sa kamatayan ay ang takot lamang na mawala ang kuwento ng hiwalay na sarili. Gayunpaman, alam ng kamalayan na walang kamatayan dahil kamalayan ang puwang kung saan ang lahat ng mga kuwento ay bumangon at bumalik sa katahimikan.

[17]Bagaman may pighati na dala ang kamatayan, ang paglikha ng espasyo sa pagitan ng namatayan at ng pighati ang unang hakbang tungo sa banyuhay.

[18]Paul Ricouer, *Time and Narrative* in K. McLaughlin (trans.), (Chicago: University of Chicago Press, 1984).

[19]Martin Heidegger, *Being and Time*, p. 118.

ay nakaaapekto sa iba. Ipinaliwanag ng Pilosopong Pranses na si Michel Foucault nang may pangungumbinsi na:

> Ang *ethos* ay ang pag-uugali at ang paraan ng pag-uugali. Ito ay ang paraan ng pag-iral ng suheto at isang tiyak na paraan ng pagkilos na nakikita ng iba. Ang *ethos* ay nagpapahiwatig ng isang relasyon na kung saan ang pag-aalaga sa sarili ay nagbibigay ng kakayahan sa isang tao na manahan sa isang lugar sa lungsod, sa komunidad o sa pakikipag-ugnayan na nararapat - maging ito ay mapanghusga o palakaibigang relasyon.[20]

Ang lundayan ng pag-iral ng tao ay palaging pag-iral na may kapuwa *(mitsein)*[21]. Nagiging posible lang ang pagkakaroon ng pahalang na puwang dahil sa sarili at sa kapuwa na nasa magkabilang dulo. Ang tao at ang kanyang kapuwa ay pawang dalawang tuldok sa magkabilang dulo ng linya. Hindi na ito bago dahil ilang ulit na natin narinig ang kaparehong mensaheng ipinaaabot ng bandang Asin sa kanilang awiting "Tuldok"[22]:

I. *Ang tuldok ay may salaysay*
*At may kahulugan*
*Na dapat mapansin*
*At maintindihan*
*Kahit sino ka man*
*Ay dapat malaman*
*Na dito sa mundo*
*Ikaw ay tuldok lang*

*II. Kahit na ang araw*
*Sa kalangitan*
*Siya ay tuldok lamang*
*Sa kalawakan*
*Lahat ng bagay*
*Ay tuldok ang pinanggalingan*
*At kung masdan mabuti*
*Tuldok ang uuwian*

*II. Tingnan mong mabuti*

*IV. Kaya wala kang dapat*

---

[20]Saling sipi mula sa: Michel Foucault, *Ethics of Care for the Self as a Practice of Freedom* in J.D. Gauthier, S.J. (trans.), (New York: Seabury Press, 1987), pp. 117-118.

[21]Martin Heidegger, *Being and Time*, p. 118.

[22]Asin ng Lupa, "Tuldok" in *Asin,* (Vicor Music,1978). "Tuldok" ay pumupukaw ng pag-iisip na nagsasaliksik sa kalagayan ng tao sa pamamagitan ng lente ng *spatiality*. Ang sentral na tema ng awit, na inihahambing ang pag-iral ng tao sa isang tuldok lamang sa engrandeng pamamaraan ng mga bagay, ay nagpapataas ng mahahalagang pilosopikal na tanong tungkol sa kalikasan at sukat ng kalawakan at ang ating lugar sa loob nito. Ang paghahambing ng awit sa pag-iral ng tao sa isang tuldok sa engrandeng pamamaraan ng mga bagay ay binibigyang-diin ang kalawakan ng kalawakan at ang relatibong kaliit ng pag-iral ng tao; tao na nagmula sa wala at naging tuldok, sa bandang huli ay magiging alabok.

*Ang 'sang katauhan*
*Maraming nag-aaway*
*Tuldok lang ang dahilan*
*Sa aking nakita*
*Ako'y natawa lang*
*'Pagkat ang nangyayari'y*
*Malaking kahibangan*

*Na ipagmayabang*
*Na ikaw ay mautak*
*At maraming alam*
*Dahil kung susuriin*
*At ating iisipin*
*Katulad ng lahat*
*Ikaw ay tuldok rin*

Isa sa mga pangunahing tema ng "Tuldok" ay ang relasyonal na katangian ng espasyo. Ang paghahambing ng awit ng pagkakaroon ng tao sa isang tuldok ay nagpapahiwatig na ang ating pag-unawa sa espasyo ay relatibo at nakadepende sa ating pananaw. Ang temang ito ay nakakapagpaalala sa mga teoryang relational ng espasyo na nangangatuwiran na ang espasyo ay hindi isang ganap na *background,* kundi isang *network* ng mga relasyon sa pagitan ng mga bagay.

Walang pagitan kung walang kahit dalawa man lang na tuldok. Ang pag-iral na may kapuwa ay isang mahalagang katangian ng tao na hindi maihihiwalay mula sa pangunahing kalagayan ng tao na pagkatapon *(geworfenheit)*[23] o pagkahulog *(verfallenheit)*[24] sa mundo. Ang kapuwa ay nagbibigay ng pahintulot sa sarili na makihalubilo sa pamamagitan ng kanyang paggalaw at pananalita. Ang kilos-tao ay palaging tungo sa pakikipag-ugnayan.

Sa sikat na kasabihang “walang sinuman ang isla”[25] ng Ingles na makata na si John Donne, binibigyang diin na ang tao ay nilalang na ang pag-iral ay kaakibat ng pag-iral ng kapuwa. Ang tao ay kasuhetibong nakatali kaugnay ng iba pang mga suheto. Palagi siyang may kasama. Hindi niya mapipili ang ganap na pag-iisa dahil ang pahayag na 'kaya kong umiral mag-isa’ ay nagpapahiwatig na ng pag-iral ng ‘hindi ako’. Kahit piliin ng isang manunulat na lumayo sa lipunan at mamuhay nang mag-isa, ang wika na kanyang ginagamit sa

---

[23]Martin Heidegger, *Being and Time*, p. 135.

[24]*Ibid.*, p.175.

[25]Saling sipi mula sa: John Donne, *Devotions Upon Emergent Occasions* (California: Create Space Independent Publishing Platform, 2015). Kahit ang tanyag na kwento ni Robinson Crusoe na nabuhay sa isla ay may pagkiling sa pagiging sosyal at relasyonal ng tao. Daniel Defoe, *Robinson Crusoe*, (New York: Oxford University Press, 2007).

pagsusulat ay hindi pribado.[26] Ang pahayag na 'maaari akong umiral nang mag-isa' ay isang kontradiksyon. Ang 'ako' sa pahayag ay nagpapahiwatig na ng 'hindi ako'. Walang 'ako' kung walang 'hindi ako'. 'Ako' ay nagmula sa 'hindi ako'. Samakatuwid, lohikal na maling pahayag na 'kaya kong umiral nang mag-isa' dahil ang pag-iral ay palaging pag-iral ng may kasama. Ang 'ako' ay madiin na panghalip na nagpapalagay ng kapuwa na nagpapatibay sa kundisyon na hindi maaaring umiral sa labas ng konteksto ng ugnayan.[27] Ang ugnayan ng sarili at ng kapuwa ay diyalektikong yumayabong sa espasyo ng sosyalidad na produkto ng pag-iral ng 'ako' at pag-iral ng 'hindi ako'. Hindi lang salitang ugat ang 'puwang' sa 'kapuwa'. Ang 'puwang' sa salitang 'kapuwa' ay naglalantad ng simetrikong ugnayan ng sarili at ng iba na may halintulad o pagkakahawig sa konsepto ng *basho, aida[gara],* o *gen/ken* na pilosopikong ipinaliwanag ng dalubhasang Hapon na si Watsuji Tetsuro.[28]

Walang duda, dahil ang ugnayan ng sarili at ng kapuwa ay simetriko o pantay, isang malaking pagkakamali na tratuhin ng sarili ang kapuwa bilang isang kasangkapan. Ang obhetipikasyon ng kapuwa ay dulot ng kawalan ng paggalang ng sarili sa dangal ng kapuwa bunga ng maling pananaw na ang sarili ay suheto at ang kapuwa ay obheto.

Ayon sa pilosopong Aleman na si Immanuel Kant, "kumilos ka nang palagian mong matrato ang sariling pagkatao at ang pagkatao ng iyong kapuwa hindi lamang bilang isang kasangkapan *(means)* kundi bilang layunin mismo *(end)*"[29]. Ang kapuwa ay dapat ituring bilang kaparehong tao na may bukod-tangi at ekslusibong (ngunit mapag-anyaya) espasyo sa lipunan at hindi isang gamit o bagay. Ang kapuwa ay may dignidad, at hindi siya isang kalakal o mga kalakal na maaaring ibenta, ipahiram, o isailalim sa mga komersyong palitan [halimbawa:

---

[26]Ludwig Wittgenstein, *Philosophical Investigations* in G.E.M. Anscombe (trans.), (Oxford: Blackwell Publishing, 2009), p. 95.

[27]Nais kong punan ang kakulangan ng argumentong pinasikat ng pilosopong Pranses na si Rene Descartes. Bilang dagdag sa *"I think; therefore, I exist",* masasabi rin nating *I exist; therefore, I co-exist*. Sumangguni sa Rene Descartes, *A Discourse on Method: Meditations and Principles* in V. John (trans.), (London: Orion Publishing Group, 2004).

[28]Watsuji Tetsuro, *Rinrigaku: Ethics in Japan* in R.E. Carter (trans.), (Albany: University of New York Press: 1996), p. 18.

[29]Saling sipi mula sa: Immanuel Kant, *Groundwork for the Metaphysics of Morals* in Wood (trans. & ed.), (Connecticut: Yale University Press, 2003).

prostitusyon, pang-aalipin, *human trafficking*, o anumang iba pang anyo ng pagsasamantala o di-makatarungang pagbubukod]. Ang kapuwa ay hindi dapat ibaba sa antas ng isang ari-arian na maaaring angkinin o manipulahin base sa pakinabang o kapakinabangan. Ang dangal ng kapuwa, na siyang walang katumbas na halaga, ay hindi nabibili ng salapi. Ang kapuwa ay hindi dapat gamitin bilang isang instrumento upang makamit ang ilang mga layunin o layunin; dapat siyang ituring bilang isang layunin sa kanyang sarili dahil siya ay bahagi ng 'kaharian ng mga layunin mismo' *(kingdom of ends).*

Samakatuwid, hindi kailanman maaaring gawing nakahilig ng maling turing ang espasyong pahalang. Mananatiling pahalang at pantay ang espasyo sa pagitan ng sarili at ng kapuwa. Sa isang maikling tula, tinangka kong bigyan ng buod *Ang Pag-iral ng Tao sa Pahalang na Espasyo*-

*May espasyong pahalang at mayroon ding patayo,*
*May espasyong mapagpalaya, may mailap sa pagyuko.*
*Ang mapagpakumbabang espasyo'y yumayakap sa kapuwa;*
*Ang domenante nama'y kumikitil sa [pang-un]awa.*

*Gugustuhin mo bang umiral sa eksklusibong espasyo,*
*Sa espasyong hindi ka tanggap at itinuturing kang dayo?*
*Kung ang puwang ay sinakop na ng sarili,*
*Ang kapuwa ay patuloy lamang mangangarap kumawala sa pang-aapi.*

*Paano ka nga ba kikilos sa espasyong sarado sa kaibahan?*
*Paano ka titindig sa lunan na may kinikilingan?*
*Sa pamamayagpag ng iisang uri at 'di pagyakap sa pawang nasa laylayan,*
*Maituturing mo bang ang pilosopiyang pinaglalaban ay tunay na para sa kapakanan ng pangkalahatan?*

*Mayroon pa nga kayang mapangupkop na espasyo,*
*Sa mundong tila'y nilamon na ng diablo?*
*Sa pagbuo ng bagong anyo ng opresyon at diskriminasyon,*
*Sadyang nasayang lang ang simulaing lupigin ang mapanikil na panahon.*

## Ang Transendentong Espasyo Tungo sa [Ka]Banal[an]

Sa patayong espasyo, ang ugnayan ay di-simetriko ngunit sagrado. Ang sarili ay nakikitungong may kabalintunaan ng pagyuko at pagtingala sa Banal.[30] Ang pagyuko ay tanda ng pakundangan at pangingimi, hindi lamang bilang pagpapakumbaba kundi pag-amin na rin na ang tao ay sadyang nasa ibaba sa patayong espasyo. Kaya naman ang pagtingala ay pagpapahayag ng pagtanto sa kinalalagyang di-simetrikong espasyo. Ang Banal ay nasa itaas[31] sa patayong espasyo, samantalang ang tao ay nasa ibaba. Ang magkaibang antas ng Banal at ng tao ay ang bumubuo sa bukod-tanging espasyo na hindi obhetibong nailalarawan gaya ng pahalang na espasyo.

Ang karanasan ng tao sa patayong espasyo ay mistiko o may kahiwagaan na hindi makokonsepto at mahirap bigyan ng anyo. Ang patlang sa pagitan ng Banal at ng tao ay hindi tulad ng 'puwang' sa 'kapuwa' dahil ang Banal ay hindi maaaring ihalintulad sa kapuwa [kapuwa-tao] - ang Banal ay higit sa tao, kagalang-galang na Dakila, at walang hangganan; samantalang ang kapuwa ay kapantay ng tao at may hangganan. Ang lunan sa gitna ng Banal at ng tao ay mananatiling mailap sa kategorisasyon at malinaw na katangian, bagama't mahihiwatigan base sa pahalang na espasyo. Walang sukat ang agwat ng tao at ng Banal; may sukat ang agwat ng tao at ng kapuwa. Sabi nga ng tanyag na pilosopo na si Ludwig Wittgenstein, "ang hindi natin maiisip ay hindi natin maiisip; kaya kung ano ang hindi natin maiisip ay hindi rin natin masasabi (5.61)"[32] at "anuman ang pwedeng sabihin ay maaaring sabihin ng malinaw (4.116)[33] ...ang hindi natin kayang sambitin o pag-usapan ay dapat ipaubaya sa katahimikan (7) ...dahil ito ay nabibilang sa mistiko (6.522)"[34] na hindi saklaw ng lohika.[35] Sa

[30]Aminado ako sa hangganan ng diskursong ito at sa pagkiling nito sa teyismo *(theism)* ngunit bukas ito sa yaman ng ibang pananaw na maaaring magbigay ng mas malalim at malawak na pagdalumat sa patayong espasyo.

[31]Ang 'taas' ay *top* – lugar. *'Topos'* ang palaugatan ng *'topic'.* Ang ibig sabihin ng *'topos'* ay lugar – espasyo. Ang salin ng salitang *'topic'* ay paksa. Dahil isang espasyo, ang lugar *[topos]* sa itaas *[top]* ay paksa *[topic]*.

[32]*(Das Unsagbare)* Saling sipi mula sa: Ludwig Wittgenstein, *Tractatus Logico-Philosophicus*, p. 68.

[33]*Ibid.*, p. 30.

[34]*(Das Mystische) Ibid.,* p. 89.

[35]Sa mistiko, ang espasyo sa pagitan ng mga kaisipan ay ang puwang kung saan sumisibol ang kalinawan.

hiwalay at mahalagang akda, sumang-ayon naman dito ang isa pang pilosopong Pranses na si Jacques Derrida sa kanyang konseptong '*Sauf le nom*.'[36] Ang tiyak, ang patayong espasyo ay *b*anal dahil sa kabanalan ng *B*anal.[37] Dahil sa pinagsaluhan ng Banal at ng di-banal, masasabing ang espasyong ito ay bahagyang Banal.

Sa pagsusumikap ng sarili na makipagkapuwa-tao sa pahalang na ngingi, mas naaabot-tanaw ang pagsilip ng patayong espasyo. Karapat-dapat bigyan ng pansin ang isinulat ni Pari Roque Ferriols, isang Heswita, na maaaring magbigay-linaw sa pinupunto rito. Ating sariwain ang kanyang sinabi:

> Kung mas tumitindi ang pakikipagkapuwa, kung mas naglalapitan, nagtatalaban ang loob, mas natatauhan na ang kapuwa ay may kalaliman na Sagrado, may hiwaga na hindi maaaring ariin ninuman. Kaya't may nagaganap na magalang na pag-urong mapitagang paglayo. Ngunit, kung mas gumagalang, kung mas namimitagan ang tao sa kapuwa ay lalo siyang natatauhan na ubod ng magaling at mahalaga ang hiwaga ng kapuwa, kaya't lalo siyang naaakit at lalo siyang napapalapit.[38]

Sa patayong espasyo, ang Banal ay lumalapit sa tao. Kasabay ng paglapit ng Banal sa tao ang pagpapaubaya ng tao sa Banal.[39]

---

[36]Jacques Derrida, *On the Name,* (California: Stanford University Press, 1995), p. 35.

[37]Ang paggamit ng maliit at malaking titik 'b' at 'B' ay naglalayong bigyan ng kaukulang kaibahan ang nilikha sa lumikha na pilit inilalarawan ng naghihikahos na wika.

[38]Roque Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon,* (Quezon City: BlueBooks, Ateneo de Manila University Press, 2014), p. 15.

[39]Ang pagpapaubaya ng tao sa Banal ay litaw na litaw sa konseptong 'bahala na' nating mga Pilipino, *'shikata ga nai'* o *'sho ga nai'* ng mga Hapon, *'c'est la vie'* sa Pranses, at *'sann er det bare'* sa Norwego. Malapit din ang kahulugan ng 'pagpapaubaya' sa *'thy will be done'* na binanggit sa Lukas [Kapitulo labing-isa, Bersikulo dalawa], sa *'Que Sera, Sera'* na inawit ni Doris Day, at sa *'Let It Be'* ng The Beatles. May pagkakahawig din ito sa konsepto ng *'dao'* sa Tsino at *'gelassenheit'* sa Aleman na ginamit ni Meister Eckhart, Immanuel Kant, at Martin Heidegger na ang salin ay *'letting be'.* Sumangguni sa: Martin Heidegger, *Being and Time,* p. 108 at sa

Habang lumalapit ang Banal sa tao, mas tumatatag ang kaibahan ng Banal at ng tao sa asimetriko o di-pantay na kinalalagyan. Sa pagkilala ng sarili sa kaibahan ng Banal, mas nakikita nito ang kanyang kaibahan sa Banal. Kasabay naman ng pagpapaubaya[40] ng tao sa Banal ay nagaganap ang tunay na pagtatagpo habang ang tao ay nagsusumikap makipagkapuwa-tao; sa pakikipagkapuwa-tao, bumubukal ang paniniwala [hindi kaalaman] sa patayong espasyo sa pagitan ng tao at ng Banal.[41] Sa patayong espasyo, sumasatao ang Banal at nagpapakabanal ang tao *(apotheosis).*

Sa patuloy na pag-iral, ang tao ay hindi banal ngunit nagpapakabanal. Ang pagpapakabanal ng tao sa patayong espasyo ay higit sa konsepto ng makataong-kilos. Datapwat mahirap ito ilarawan dahil sa taglay nitong sagradong kalaliman na di-mabigkas, at dulot ng kasalatan ng salita, pwede natin itong tukuying 'banal-na-kilos-tao'.[42] Ginagawa ang banal-na-kilos-tao sa bakanteng lugar o lakuna sa pagitan ng Banal at ng tao. Kaya nga sa etimolohiya ng salitang 'relihiyon' [o agamahan], mayroon akong sapantaha na ang *'relegare' (to read again)* ay ang pinupunto sa pahalang na espasyo at *'religare' (to bind back)* naman ang sa patayong espasyo.[43]

---

Martin Heidegger, *Discourse on Thinking* in J.M. Anderson (trans.), (New York: Harper and Row Publishers, 1966).

[40]Kapag panandaliang huminto at nagnilay ng mahinahon bago ka tumugon, gumagawa ka ng tahimik na espasyo para sa isang bagong bagay na lumitaw, isang tugon na nagpapakita kung sino ka nagiging, hindi kung sino ka dati. Sa tahimik na espasyo na lampas sa pagkakakilanlan, naroon ang kalayaan na maging anumang naisin natin. Ang hinahon ay hindi kawalan ng pag-iisip. Ito ay kamalayan na hindi ikaw ang iyong iniisip. Sa pagitan mo at ng iyong iniisip ay may puwang. Sa espasyong iyon umiiral ang iyong kalayaan. Sa loob natin nabubuhay ang isang buong hanay ng mga posibleng paraan ng pag-iral. Tayo ay higit na marami, mas maluwang, mas hindi pa natatapos kaysa sa karaniwang pinahihintulutan ng ating pagdurusa na makita.

[41]Roque Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon,* p. 16.

[42]Nais kong hiramin, bagama't sa limitadong pamamaraan, ang mga konseptong ginamit ni Immanuel Kant - *phenomenon* at *noumenon* - bilang malapit na halintulad sa mga pwedeng malaman at di-pwedeng malaman tungkol sa Banal. *'As the Holy appears'* ang *phenomenon* at *'as the Holy in Holy's Self'* naman ang *noumenon.*

[43]Sa Lumang Tipan ng Bibliya, ang unang tatlo sa sampung kautusan ni *Yahweh* ay tungo sa banal-na-kilos tao na nagaganap sa patayong espasyo; ang huling pito naman ay tungo sa makataong-kilos na nagaganap sa pahalang na espasyo. Sa Bagong Tipan, ang unang kautusan ni Hesus na tumutukoy sa pagmamahal sa Diyos ay ang buod ng unang tatlong utos at ang ikalawang utos na tumutukoy sa pagmamahal sa kapuwa ay ang buod ng huling pitong utos.

## Buod at Pangwakas na Pagninilay

Bilang paglalagom, masasabing may diyastema sa relasyon ng sarili at ng kapuwa. Mayroon ding patlang sa relasyon ng sarili at ng Maylikha. Maliban sa pag-iral ng tao sa etikal na espasyo, umiiral din ang tao sa mistikong espasyo. Ang una ay pahalang na pagitan, at ang ikalawa ay patayong ugnayan. Sa pahalang na espasyo ginagawa ang makataong kilos at sa patayong espasyo kusang yumayabong ang maka-Banal na kilos. Dahil may hangganan ang pahalang na espasyo, ang kaganapan ng pag-iral ng tao ay nangyayari lang sa puwang na kumawala sa wikang hinadlangan ng lohika o batnayan [batayan-hanayan] - ito ang lakuna sa pagitan ng tao at ng Banal. Ang lunan sa ugnayan ng tao at ng banal ay may talinghagang tumatagos sa abot-tanaw ng kaalaman.

Masasabing ang tao ay ang dulo ng pahalang at patayong espasyo kung saan nagsasalubong ang dalawa at nakakabuo ng panibagong espasyo – malikhaing sulok. Sa malikhaing espasyo, nagiging "malikhain ang buhay"[44]. Bilang tagpuan ng pahalang at patayong espasyo, sa tao bahagyang napapahiwatigan ang kapuwa sa pag-iral ng Banal, at sa kapuwa bahagyang napapahiwatigan ang tao sa pag-iral ng Banal. Mananatiling bahagya ang pagpapahiwatig ng Banal dahil hindi kailanman kayang intindihin o ipaliwanag ng katwiran ng tao at kapuwa-tao ang [kabanalan ng] Banal.

Sa mga tagpuang espasyo, ang *B*anal ay lumalantad bilang *M*ahal [pag-ibig] na kaya lang unawain ng puso.[45] Sabi nga ng manunulat na Pranses na si Antoine de Saint-Exupery, "sa puso lamang makakakita ang tao ng tama; ang mahalaga ay hindi nakikita

---

[44]Saling sipi mula sa: Rabrindra Nath Tagore, "On the Religion of an Artist" in *Contemporary Indian Philosophy*, (New York: Routledge, 1974), p. 35.

[45]Ang konseptong *transcendence* ay maaaring unawahin hindi lang bilang *going beyond;* Pwede rin itong *going within.* Minsan na itong ginamit ng tanyag na pilosopong Hapon na si Nishida Kitaro*.* John Maraldo, "Nishida Kitaro" in *Stanford Encyclopedia of Philosophy,* (September 21, 2025), Accessible at <https://plato.stanford.edu/entries/nishida-kitaro/>. Sa ganitong pagsipat, babalik at babalik tayo sa bukod-tanging konsepto ng 'loob' nating mga Pilipino.

ng mata"[46] dahil "ang puso ay may sariling katwiran na hindi matingkala ng katwiran [o isipan]".[47] Ito nga ang batas ng pag-ibig[48] na "hindi nangangailangan ng anumang paliwanag".[49]

Ang galaw ng tao sa parehong espasyo ay oskilasyon o ugoy – mula sa lugar na kinatatayuan patungo o papalapit *(ent-fernung)* sa kapuwa, pabalik sa dating kinatatayuan, at mula sa personal na kinatatayuan patungo o papalapit sa Banal, pabalik sa personal na kinalalagyan *(exitus-reditus)*. Gaya ng nabanggit sa simula, ang pag-iral ng tao sa espasyo ay palaging pag-iral na may ugnayan [sarili-kapuwa, sarili-Banal, sarili-sarili].

### *Aporismo ng Akda*
### *[Hango sa pamamaraan ng pagsusulat ni Wittgenstein]*[50]

1 Ang tao ay umiiral sa espasyo bilang materyal na katotohanan.

---

[46]Saling sipi mula sa: Antoine de Saint-Exupéry, *The Little Prince,* (Penguin Books, 1971), p. 68. Ito rin ang naging mensahe sa mga taga Corinto sa Bagong Tipan: "kaya't ang paningin namin ay nakatuon sa mga bagay na di-nakikita, at hindi sa mga bagay na nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di-nakikita (2 Corinto, 4:18)". Sa katunayan, ang tao ay nakakakita ng mga *frequency* mula 400-790 *terahertz* at nakaksagap ng tunog sa pagitan ng 20 *hertz* - 20 *kilohertz*. Ang mga saklaw na ito ay isang maliit na bahagi lamang ng buong espektro ng liwanag at tunog - ibig sabihin, karamihan sa mga umiiral ay sadyang hindi nakikita. Lahat ng nakikita natin sa kalawakan - mga bituin, planeta, *galaxy* - ay bumubuo lamang ng limang porsyento ng sansinukob. Ang natitira ay madilim na bagay at madilim na enerhiya, hindi nakikita, at misteryo.

[47]Tala: Ang siping ito ay salin mula sa hatol ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas sa kasong "*Evelyn Chua-Cua vs Jacobo Clave.* G.R. No. 49549: 189 SCRA 11, August 20, 1990" nang walang pagbanggit sa orihinal na pinanggalingan na si Francis Bacon – plahiyo. Ang puso ang pinaka-maaasahang gabay kapag ang mundo ay magulo. Hindi lang ito nakakaramdam; ito ay nakakaalam din; at sa pamamagitan ng karunungan nito, mahahanap ang kabuluhan kahit sa pinakamadilim na katahimikan.

[48]Hindi ko malilimutan ang mga salitang binitiwan ko sa aking anak na si Earth: *"The law of physics defi**N**es the space between us; it is the law of love that defies the law of physics".* Ang pagkawala ng titik 'N' sa salitang *'defies'* ay hindi nagkataon. Ang 'N' ay sumisimbolo sa akin. Magbago man ang maiiwang espasyo kung ako ay hindi na umiiral, mananatili ang ugnayan, saan mang dako, dahil sa pag-ibig. Maging ang kanyang pangalan, **Eart*h***, ay espasyo ng pag-ibig [***h**eart*], buhay, at pag-asa.

[49]Saling sipi mula sa: Paulo Coelho, *The Alchemist,* (New York: HarperCollins Publishers, 1998), p. 123.

50Gaya ng *Tractatus Logico-Philosophicus* ni Wittgenstein na nagtapos sa 7, tatapusin ko rin ito sa 7 [2+5]. Itinuturing ang 7 na mistikong numero sa Kabbalah.

1.1 Walang dalawang taong maaaring umiral sa iisang espasyo sa parehong sandali.
1.2 Ang porma ng espasyo ang nagtatakda sa limitasyon at hugis ng kilos ng tao.
2 Ang pag-iral ng tao ay nagaganap sa dalawang direksiyon ng espasyo: ang pahalang at ang patayo.
2.1 Ang espasyo ay maaaring suriin nang hiwalay sa konsepto ng panahon.
3 Sa pahalang na espasyo, ang tao ay umiiral kasama ang kanyang kapuwa.
3.1 Ang pagitan ng sarili at kapuwa ay hindi lamang pisikal na distansiya kundi isang etikal na agwat.
3.2 Ang etikal na agwat na ito ay puno ng mga posibilidad na pinapanday ng tensiyon ng ugnayan.
3.3 Ang pakikipagkapuwa-tao sa pahalang na dimensiyon ay isang diyalektikong proseso.
4 Sa patayong espasyo, ang tao ay nakaugnay sa Banal.
4.1 Ang patlang sa pagitan ng tao at ng Banal ay isang unibersal na tawag tungo sa kabutihan.
4.2 Ang pagpapakabuti ay nagaganap sa pamamagitan ng makabanal na kilos.
5 Ang ganap na pag-iral ng tao ay ang intersection o pagsasalubong ng pahalang at patayong espasyo.
5.1 Ang mga makabanal na kilos sa patayong espasyo ay nalilinang sa pamamagitan ng mga pagkakataon sa pahalang na espasyo.
6 Ang tao ay binubuo ng malawak na bakanteng espasyo na hindi niya laging namamalayan.
6.1 Sa antas ng agham *(atomic level)*, ang katawan ng tao ay 99.9999999% espasyo.
6.2 Kung aalisin ang lahat ng bakanteng espasyo, ang buong sangkatauhan ay magkakasya sa loob ng isang kubo ng asukal.
6.3 Ang kaisipan ng tao ay hindi lamang koleksiyon ng mga pag-iisip, kundi ang mismong espasyo kung saan nagaganap ang pag-iisip.
7 Ang galaw ng tao sa espasyo ay sumusunod sa mga batas ng pisika at ugnayan.
7.1 Ayon sa ikatlong batas ng mosyon ni Newton, ang bawat kilos ay may katumbas at kasalungat na puwersa.
7.2 Sa dinamikong espasyo, ang puwersa ay humahantong sa pakikipag-ugnayan.

7.3 Ang kilos ng isang tao sa espasyo ay direktang nakaaapekto sa posisyon at galaw ng kanyang kapuwa.

8 Ang kilos ng tao ay nahahati sa dalawang kategorya: kilos ng tao *(act of man)* at kilos-tao *(human act)*.

8.1 Ang kilos ng tao ay natural, walang malay, at walang aspeto ng moralidad.

8.2 Ang kilos-tao ay may malay, sinadya, malaya, at pinag-isipan gamit ang kilos-loob.

8.3 Ang kilos-tao ang natatanging materyal na obheto ng etika.

9 Ang pahalang na espasyo ay isang hiram at panandaliang lunan para sa kilos-tao.

9.1 Ang huling hantungan ng materyal na katawan ng tao ay isang kwadradong espasyo sa lupa.

9.2 Ang ontolohikal na espasyo pagkatapos ng kamatayan ay nananatiling misteryo sa tao.

9.3 Ang tiyak lamang sa tao ay ang konkretong pahalang na espasyo *(synapse)* sa pagitan niya at ng kapuwa.

10 Ang bakanteng espasyo sa pagitan ng sarili at kapuwa ay nagiging etikal na lunan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng naratibo.

10.1 Sa pahalang na espasyong ito sinusuri kung ang kilos-tao ba ay makatao o di-makatao.

10.2 Ang ugnayan sa kapuwa ang puso ng etikal na pag-iral ng tao.

10.3 Hindi maaaring maging etikal ang sarili kung walang kapuwa na nagiging salamin at puna sa kanyang mga kilos.

11 Ang pangangalaga sa sarili *(care for the self)* ay isang etikal na obligasyon para sa kapuwa.

11.1 Ang pag-aalaga sa sarili ay pag-iwas na magdulot ng kalungkutan sa kapuwa.

11.2 Ayon kay Foucault, ang *ethos* ay ang paraan ng pag-iral at pagkilos na nakikita ng iba na nagbibigay-daan sa tamang pakikipag-ugnayan sa komunidad.

11.3 Ang sarili at ang kapuwa ay dalawang tuldok sa magkabilang dulo ng isang linya sa espasyo.

12 Ang konsepto ng espasyo ay relasyonal at hindi isang ganap na kalapagan lamang.

12.1 Tulad ng mensahe ng awiting "Tuldok", ang espasyo ay isang network ng mga ugnayan sa pagitan ng mga bagay.

12.2 Walang pagitan o puwang kung walang dalawa o higit pang tuldok na umiiral.

13 Ang pag-iral na may kapuwa *(mitsein)* ay isang pundamental na kalagayan ng tao.

13.1 Ang kalagayang ito ay nakatali sa pagkatapon *(geworfenheit)* at pagkahulog *(verfallenheit)* ng tao sa mundo.

13.2 Ang pahayag na "kaya kong umiral mag-isa" ay isang lohikal na kontradiksyon.

13.3 Ang pagtukoy sa "ako" ay awtomatikong nagpapalagay sa pag-iral ng "hindi-ako."

13.4 Kahit ang pag-iisa ng isang manunulat ay huwad, sapagkat ang wikang kanyang ginagamit ay hindi pribado.

14 Ang salitang "kapuwa" ay nagtataglay ng salitang-ugat na "puwang."

14.1 Ang puwang na ito ay nagpapakita ng simetrikong ugnayan na maihahalintulad sa konsepto ng *basho* o *aida* ni Watsuji Tetsuro.

14.2 Ang ugnayan ng sarili at kapuwa ay isang diyalektikong pag-usbong sa espasyo ng sosyalidad.

15 Ang simetriko o pantay na kalikasan ng pahalang na espasyo ay nagbabawal sa obhetipikasyon ng kapuwa.

15.1 Ang pagtrato sa kapuwa bilang kasangkapan ay bunga ng maling pag-unawa na ang sarili lamang ang suheto at ang kapuwa ay obheto.

15.2 Ayon kay Kant, ang kapuwa ay dapat tratuhin palagi bilang layunin mismo *(end)* at hindi lamang bilang kasangkapan *(means)*.

15.3 Ang kapuwa ay may dangal na walang katumbas na halaga o presyo, at siya ay kasapi sa "kaharian ng mga layunin" *(kingdom of ends)*.

15.4 Ang prostitusyon, pang-aalipin, at human trafficking ay mga paglabag sa dangal dahil ibinababa nito ang kapuwa sa antas ng kalakal o ari-arian.

16 Ang maling pagtrato ay hindi kailanman makapagpapahilig sa pahalang na espasyo.

16.1 Ang espasyo sa pagitan ng sarili at ng kapuwa ay mananatiling radikal na pahalang at pantay.

17 Ang patayong espasyo ay di-simetriko, asimetriko, at sagrado.

17.1 Ang ugnayan ng tao sa Banal ay isang kabalintunaan ng sabay na pagyuko at pagtingala.

17.2 Ang pagyuko ay tanda ng pangingimi at pag-amin sa pagiging nasa ibaba ng tao.

17.3 Ang pagtingala ay ang pagkilala sa kinalalagyan ng Banal na nasa itaas.

17.4 Ang magkaibang antas na ito ang dahilan kung bakit ang patayong espasyo ay hindi obhetibong mailalarawan tulad ng pahalang na espasyo.

18 Ang karanasan sa patayong espasyo ay mistiko at hindi saklaw ng lohika at kategorisasyon.

18.1 Ang patlang sa pagitan ng tao at ng Banal ay walang sukat, samantalang ang puwang sa pagitan ng mga tao ay may sukat.

18.2 Ang Banal ay hindi maaaring ihalintulad sa kapuwa dahil ang Banal ay Dakila at walang hangganan.

18.3 Ayon kay Wittgenstein, ang hindi natin maiisip ay hindi natin masasabi, at ang hindi natin kayang pag-usapan ay dapat ipaubaya sa katahimikan dahil ito ay nabibilang sa mistiko.

18.4 Ang kawalan ng kakayahang magbigay-ngalan sa misteryong ito ay sumasalamin sa konseptong *Sauf le nom* ni Derrida.

18.5 Ang espasyong ito ay bahagyang Banal dahil ito ay pinagsasaluhan ng Banal at ng di-banal.

19 Ang pahalang na espasyo ay ang abot-tanaw kung saan sumisilip ang patayong espasyo.

19.1 Ayon kay Pari Roque Ferriols, ang pagtindi ng pakikipagkapuwa at paglapit ng loob ay nagbubukas sa pagkaunawa sa sagradong kalaliman ng kapuwa.

19.2 Ang pagkaunawang ito ay nagdudulot ng magalang na pag-urong at mapitagang paglayo, na siya namang lalong umaakit sa tao na mapalapit.

20 Sa patayong espasyo, ang tunay na pagtatagpo ay nagaganap sa pamamagitan ng sabay na paglapit ng Banal at pagpapaubaya ng tao.

20.1 Habang lumalapit ang Banal, mas nakikita ng tao ang kanyang radikal na kaibahan sa Banal.

20.2 Sa pakikipagkapuwa-tao sa pahalang na antas, bumubukal ang paniniwala [hindi kaalaman] sa patayong espasyo.

20.3 Ang interaksiyong ito ay humahantong sa pagsasatao ng Banal at pagpapakabanal ng tao *(apotheosis)*.

21 Ang pagpapakabanal ay isinasagawa sa pamamagitan ng "banal-na-kilos-tao."

21.1 Ang tao ay hindi banal, ngunit siya ay umiiral sa proseso ng pagpapakabanal.

21.2 Ang banal-na-kilos-tao ay nagaganap sa bakanteng lakuna sa pagitan ng Banal at ng tao.

21.3 Sa etimolohiya ng relihiyon, ang *relegare* [muling pagbasa] ay tumutukoy sa pahalang na espasyo, samantalang ang *religare* [muling pagtatali] ay tumutukoy sa patayong espasyo.

22 Ang pag-iral ng tao ay natatapos at nagbubuod sa ugnayan ng dalawang agwat: ang diyastema sa kapuwa at ang patlang sa Maylikha.

22.1 Ang diyastema sa kapuwa ay ang pahalang na pagitan kung saan ginagawa ang kilos-tao.

22.2 Ang patlang sa Maylikha ay ang patayong ugnayan kung saan kusang yumayabong ang banal-na-kilos-tao.

22.3 Ang kaganapan ng pag-iral ng tao ay nangyayari sa lakuna na kumawala sa wikang hinadlangan ng lohika; ito ay talinghagang tumatagos sa abot-tanaw ng kaalaman.

23 Ang tao ang dulo kung saan nagsasalubong ang pahalang at patayong espasyo upang bumuo ng isang "malikhaing sulok."

23.1 Sa malikhaing espasyong ito, ang buhay ay nagiging malikhain.

23.2 Sa puntong ito, bahagyang napapahiwatigan ang Banal sa pamamagitan ng kapuwa, at ang kapuwa sa pamamagitan ng Banal.

23.3 Ang pagpapahiwatig na ito ay mananatiling bahagya, sapagkat ang katwiran ay may kasalatan upang maunawaan ang Kabanalan.

24 Sa mga tagpuang espasyo, ang Banal ay lumalantad bilang Mahal [pag-ibig] na nauunawaan lamang ng puso.

24.1 Ayon kay Saint-Exupéry, ang mga mahahalagang bagay ay hindi nakikita ng mata kundi ng puso lamang.

24.2 Ang puso ay may sariling katwiran na hindi kailanman matingkala ng lohika ng isip.

24.3 Ang batas ng pag-ibig ay hindi nangangailangan ng panlabas na paliwanag.

25 Ang galaw ng tao sa dalawang dimensiyong ito ay isang oskilasyon o walang katapusang ugoy.

25.1 Ito ay ang paglapit *(ent-fernung)* at pagbalik mula sa kapuwa, at ang pagtungo at pag-uwi *(exitus-reditus)* mula sa Banal.

25.2 Ang pag-iral na ito ay palaging pag-iral sa loob ng isang triyadikong ugnayan: sarili-kapuwa, sarili-Banal, at sarili-sarili.

## Mga Batis


Asin ng Lupa. "Tuldok" in *Asin.* Vicor Music, 1978.

Chua-Cua vs. Jacobo Clave. G.R. No. 49549: 189 SCRA 11, August 20, 1990.

Coelho, Paulo. *The Alchemist.* New York: HarperCollins Publishers, 1998.

Day, Doris. *Que Será, Será.* Columbia Records, 1955.

Defoe, Daniel. *Robinson Crusoe*. New York: Oxford University Press, 2007.

Derrida, Jacques. *On the Name.* California: Stanford University Press, 1995.

Descartes, René. *A Discourse on Method: Meditations and Principles* in V. John (trans.). London: Orion Publishing Group, 2004.

Donne, John. *Devotions Upon Emergent Occasions.* California: Create Space Independent Publishing Platform, 2015.

de Saint-Exupery, Antoine. *The Little Prince.* Penguin Books, 1971.

Ferriols, Roque. *Pilosopiya ng Relihiyon.* Quezon City: BlueBooks, Ateneo de Manila University Press, 2014.

Foucault, Michel. *Ethics of Care for the Self as a Practice of Freedom* in J.D. Gauthier, S.J. (trans.). New York: Seabury Press, 1987.

Kant Immanuel. *Groundwork for the Metaphysics of Morals* in Wood (trans. & ed.). Connecticut: Yale University Press, 2003.

Heidegger, Martin. *Being and Time* in J. Stambaugh (trans.). New York: State University of New York Press, 2010.

Heidegger, Martin. *Discourse on Thinking* in J.M. Anderson (trans.). New York: Harper and Row Publishers, 1966.

Maraldo, John. "Nishida Kitaro" in *Stanford Encyclopedia of Philosophy.* February 21, 2024. Accessible at <https://plato.stanford.edu/entries/nishida-kitaro/>.

Motte, Benjamine. *Sir Isaac Newton, "Introduction to Book 3" The Mathematical Principles of Natural Philosophy*, Volume II, 1729.

Pariñas, Noel S. *Ang Espasyo sa Pag-iral ng Tao*. Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy, Special Issue, February 2024.

Pariñas, Noel. *Ethics: The Philosophy of Human Acts.* Meycauayan: IPM Publishing, 2018.

Pascual, Chuckberry. *Pagmamapa ng Sinehan Bilang Espasyong Homoseksuwal sa Panitikang Bakla.* Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, Volume 15, Nos. 1-2, 2009.

Ricouer, Paul. *Time and Narrative* in K. McLaughlin (trans.). Chicago: University of Chicago Press, 1984.
Tagore, Rabindranath. "On the Religion of an Artist" in *Contemporary Indian Philosophy*. New York: Routledge, 1974.
Tetsuro, Watsuji. *Rinrigaku: Ethics in Japan* in R.E. Carter (trans.). Albany: University of New York Press: 1996.
The Beatles. *Let It Be.* Olympic Sound, 1970.
Wittgenstein, Ludwig. *Tractatus Logico-Philosophicus.* D.F. Pears (trans.). New York: Routledge, 1974.
Wittgenstein, Ludwig. *Philosophical Investigations* in G.E.M. Anscombe (trans.). Oxford: Blackwell Publishing, 2009.